



STATE OF NEW YORK  
OFFICE OF THE ATTORNEY GENERAL  
THE CAPITOL  
ALBANY, NY 12224

*Minamahal na Taga-New York:*

*Importanteng bahagi ng mayamang tela ng kultura ng Estado ng New York ang ating mga komunidad ng imigrante. Nagbibigay-daan ang marami nilang pang-araw-araw na kontribusyon upang kilalanin ang ating estado bilang kabisera ng dibersidad, tagumpay, at oportunidad.*

*Sa kasamaang-palad, maraming imigranteng naghahangad sa paraang naayon sa batas na baguhin ang kanilang immigration status ang nabibiktima ng mga mapanlinlang na tagapaghatid ng serbisyong pang-imigrasyon. Nakapanlulumo ang mga kinahihinatnan nito.*

*Idinisenyo ang brochure na ito para ipagbigay-alam sa iyo ang tungkol sa iyong mga karapatan at mga opsyon sa ilalim ng batas at umaasa kaming gagamitin mo ang impormasyong ito para protektahan ang iyong sarili habang bumubuo ka ng kinabukasan mo sa New York.*

Eric T. Schneiderman

Kung biktima ka ng panlilinlang sa imigrasyon, tawagan ang Immigration Fraud Hotline ng Attorney General sa numerong **1-866-390-2992** o bumisita sa [www.ag.ny.gov](http://www.ag.ny.gov)

Hindi namin aalamin ang iyong immigration status (status ng iyong imigrasyon) o ibabahagi ang impormasyong iyon sa kaninoman.

### Mga karagdagang babasahin

- Hotline ng New York State Immigration: 1-800-566-7636 o email: [bria.contact@otda.ny.us](mailto:bria.contact@otda.ny.us) Pinataakbo ng New York State Office of Temporary and Disability - Bureau of Refugee and Immigrant Assistance, makapagbibigay sila ng mga referral sa mga not-for-profit na organisasyon.
- U.S. Citizenship and Immigration Services (USCIS): 1-800-375-5283 o sa [www.uscis.gov/immigrationpractice](http://www.uscis.gov/immigrationpractice)
- Para makakuha ng lista ng mga libreng serbisyong legal, bumisita sa U.S. Department of Justice: <http://www.usdoj.gov/eoir/probono/states.htm>
- Para sa mga organisasyong binibigyang-kapangyarihan ng Board of Immigration Appeals (BIA): [www.usdoj.gov/eoir/statspub/raroster.htm](http://www.usdoj.gov/eoir/statspub/raroster.htm)
- Para makahanap ng lisensyadong abogado at iba pang mapagkukunan ng mga babasahing legal bumisita sa New York State Bar Association sa [www.nysba.org](http://www.nysba.org) o The American Immigration Lawyers Association (AILA) sa [www.aila.org](http://www.aila.org)



New York State Office  
of the Attorney General

## Panlilinlang sa Mga Serbisyong Pang-imigrasyon:

### Alamin Ang Mga Karapatan Mo!



Eric T. Schneiderman  
Pangunahing Abogado

## PANLILINLANG SA MGA SERBISYONG PANG-IMIGRASYON

Komplikado ang Batas sa Imigrasyon at maraming tao ang humahanap ng tulong kapag nakikipag-usap sa mga pamunuan ng imigrasyon. Sa kasamaang-palad, may mga tao at organisasyon na maaaring mangako sa iyo nang higit pa sa legal, at maningil para sa mga serbisyong hindi nila maibibigay. Bago mo bayaran ang isang tao para tulongan ka sa mga problema sa imigrasyon, mahalagang maunawaan kung sino ang talagang makatutulong sa iyo at kung anu-anong bagay ang magagawa nila nang legal.

### Sino ang maaaring kumatawan sa iyo sa USCIS?

Ikaw lang, maaaring makipag-usap para sa iyo ang isang abogado o kinikilalang organisasyon tungkol sa aplikasyon mo sa USCIS. Kung kailangan mo ng payo tungkol sa kung anong aplikasyon o petisyon ang dapat i-file sa USCIS o kailangan mo ng kakatawan sa iyo sa mga bagay na ito, hingin ang tulong ng:

- Isang lisensyadong abogado: Maaari kang tumingin sa <https://iapps.courts.state.ny.us/attorney> para makita kung may abogadong kasalukuyang nakarehistro sa Estado ng New York.
- Isang organisasyong kinikilala ng Board of Immigration Appeals (BIA) na nakalista sa [www.usdoj.gov/eoir/statspub/raroster.htm](http://www.usdoj.gov/eoir/statspub/raroster.htm)

### Ano ang isang tagapagbigay ng serbisyong pang-imigrasyon (immigration service provider)?

Ang ibang tao, na kung minsan ay tinatawag na mga tagapagbigay ng serbisyong pang-imigrasyon (immigration service provider), ay maaari lamang makatulong sa iyo sa pamamagitan ng pagbigay ng mga serbisyong klerikal katulad ng pagsagot sa mga form o pagsasalin ng mga dokumento. Para protektahan ka na hindi maging biktima ng panlilinlang sa imigrasyon, pinamamahalaan ng Estado ng New York ang mga tagapagbigay ng serbisyong pang-imigrasyon at pinagbabawalan sila na mag-alok ng ilang serbisyo.

### Sa ilalim ng batas ng NYS, ang isang tagapagbigay ng serbisyong pang-imigrasyon Ay HINDI MAAARING:

- Magbigay sa iyo ng payong legal;
- Kumatawan sa iyo sa isang kasong nakahain sa USCIS, sa Department of Labor o sa immigration court;
- Magbanta na isumbong ka sa mga kinauukulan sa imigrasyon;
- Mangakong makakakuha sila ng mga espesyal na pabor mula sa mga kinauukulan sa imigrasyon;
- Turuan ka na magbigay ng huwad na impormasyon sa mga kinauukulan sa imigrasyon; o
- Singilin ka para sa pagturo sa taong kwalipikadong tumulong sa iyo tungkol sa mga usaping pang-imigrasyon.

### Kung pumili ka ng tagapagbigay ng serbisyong pang-imigrasyon para tulongan kang punan ang mga forms at magsalin ng mga dokumento, ang tagapagbigay ay DAPAT NA:

- Magbigay sa iyo ng kontratang nasa wikang English at sa wikang nauunawaan mo na detalyadong inilalarawan ang mga serbisyong ibibigay nila sa iyo at mga isisingil nila sa iyo. Maaaring ikansela ang kontrata sa anumang oras;
- Magpaskil ng mga karatulang malinaw na nagsasaad na hindi sila mga abogado at hindi makapagbibigay sa iyo ng payong legal;
- Bigyan ka ng kopya ng anumang dokumentong ihinain sa pamahalaan;
- Isauli ang anumang orihinal na dokumentong pag-aari mo; at
- Bigyan ka ng kopya ng iyong file kung hihingin mo ito at wala itong bayad.

## MAG-INGAT SA IYONG SINASANG-AYUNAN AT NILALAGDAAN

Maraming tagapagbigay ng serbisyong pang-imigrasyon na nag-aangkin na mabilis ka nilang maikukuha ng pahintulot na magtrabaho (work permit), visa, o iba pang resulta. Mag-ingat sa mga pangakong katulad nito, at mag-ingat sa mga ipagagawa nila sa iyo. Hindi ka dapat:

- Sumang-ayon na magbayad ng malaki para sa tulong sa pagsagot ng mga form;
- Magbayad nang hindi kumukuha ng detalyadong resibo;
- Lumagda sa mga blangkong aplikasyon o petisyon; o
- Lumagda sa mga dokumentong naglalaman ng huwad o maling impormasyon.



### Mag-ingat sa Panlilinlang ng Notario Público

Sa maraming bansang nagsasalita ng Spanish, ang isang Notario Público ay abogado. Sa Estados Unidos, hindi sila abogado (subalit maraming abogado ang maaaring nag-aalok ng parehong serbisyo). Maaaring patotohanan ng mga Notary Public ang iyong pagkakakilanlan at mga lagda (at maningil ng maliit na halaga), ngunit hindi sila maaaring kumatawan sa iyo sa harap ng USCIS, sa immigration court, o bigyan ka ng payong legal.